IGNATIAN
INTERNATIONAL JOURNAL FOR MULTIDISCIPLINARY RESEARCH
www.icceph.com
ISSN 2984-9942

# SINE-SURI SA MGA PILING HISTORIKAL NA PELIKULA SA PILIPINAS

Joan F. Politico, MAEd

Mindoro State University, Alcate, Victoria, Oriental Mindoro, Philippines

https://doi.org/10.5281/zenodo.19977813

## ABSTRACT

Ang kasaysayan ay mahalagang bahagi ng pagkakakilanlan ng isang bansa, at ang pelikula ay nagsisilbing makapangyarihang midyum upang maisabuhay at maipahayag ang mga mahahalagang pangyayari mula sa nakaraan. Ang pag-aaral na ito ay nakatuon sa pagsusuri ng mga piling historikal na pelikulang Pilipino tulad ng *Heneral Luna*, *Goyo: Ang Batang Heneral*, at *El Presidente*. Layunin nitong matukoy kung paano inilalarawan ng mga pelikulang ito ang mga makasaysayang tauhan, pangyayari, at ideolohiya, gayundin ang kanilang implikasyon sa paghubog ng pambansang kamalayan ng mga manonood.Gumamit ang pag-aaral ng deskriptibong disenyo sa ilalim ng kwalitatibong pamamaraan, partikular ang thematic analysis. Sinuri ang iba't ibang elemento ng pelikula tulad ng karakterisasyon, tema, sinematograpiya, tunog, editing, production design, direksyon, at diyalogo upang matukoy ang mga dominanteng tema at kahulugan. Natuklasan na ang mga pelikula ay hindi lamang naglalahad ng mga pangyayaring historikal kundi nagbibigay rin ng mas malalim na interpretasyon sa mga isyung panlipunan, moralidad, at nasyonalismo. Lumitaw na ang mga pelikulang ito ay epektibong nagagamit bilang kasangkapan sa edukasyon dahil pinapalalim nito ang pag-unawa ng mga manonood sa kasaysayan sa pamamagitan ng visual at emosyonal na presentasyon. Gayundin, napag-alaman na ang malikhaing interpretasyon ng kasaysayan ay nakatutulong upang mapukaw ang interes at kritikal na pag-iisip ng mga manonood. Sa kabuuan, pinatunayan ng pag-aaral na ang historikal na pelikula ay may mahalagang papel sa pagpapanatili ng kasaysayan, pagpapalakas ng pambansang identidad, at paghubog ng isang mapanuri at makabayang mamamayan.

**Susing Salita:** *Pelikulang Historikal, Kasaysayan, Karakterisasyon, Nasyonalismo, Sinematograpiya*

## INTRODUCTION

Ang panitikan at pelikula ay kapwa nagsisilbing mahalagang salamin ng lipunan na nagpapakita ng kasaysayan, kultura, at identidad ng isang bansa. Sa konteksto ng Pilipinas, ang panitikan ay matagal nang kinikilala bilang talaan ng buhay at karanasan ng mga Pilipino, kung saan naipapahayag ang damdamin, kaisipan, at pakikibaka ng bawat henerasyon (Gamblerz, 2020; Cristina, 2023). Sa pag-usbong ng makabagong teknolohiya, ang pelikula ay naging isa sa pinakamakapangyarihang anyo ng panitikan at midya na naglalahad ng mga naratibo hindi lamang sa paraang tekstuwal kundi biswal at emosyonal (Zuberg, 2019). Ayon kina Bagon-Faeldan (2010), ang pelikula ay hindi lamang isang anyo ng libangan kundi isang masining na midyum na gumagamit ng sinematograpiya upang maipahayag ang masalimuot na damdamin at ideya. Sinusuportahan ito ni De Jesus (2020) na nagsabing ang pelikula ay may mahalagang papel sa edukasyon, partikular sa pagpapaunlad ng literasiyang pampelikula sa kurikulum ng Filipino. Dagdag pa rito, binigyang-diin ni Tolentino (n.d.) na ang pelikula ay bahagi ng bagong anyo ng literasi na nakaaapekto sa paraan ng pagkatuto at pag-unawa ng mga mag-aaral sa panitikan at lipunan. Sa larangan ng historikal na pelikula, binanggit ni Mercado (2017) na ang ganitong uri ng pelikula ay nagsisilbing tulay upang maipakilala at mapanatili ang mga mahahalagang pangyayari sa kasaysayan. Gayundin, ipinakita ni Quintos (2020) na ang pelikula ay may kakayahang magbigay ng simbolikong representasyon ng kultura at paniniwala ng lipunan. Samantala, ayon kay Naval (n.d.), ang impluwensiya ng mga bayani at makasaysayang pangyayari ay patuloy na naipapasa sa pamamagitan ng iba't ibang anyo ng panitikan, kabilang ang pelikula.

Ipinakita rin sa pag-aaral nina Aringan at Napil (n.d.) na ang pagtuturo ng panitikan ay mas nagiging epektibo kapag sinusuportahan ng makabagong midya tulad ng pelikula, lalo na sa panahon ng pandemya kung saan mahalaga ang alternatibong paraan ng pagkatuto. Kaugnay nito, binigyang-diin ng University of the Philippines Los Baños (n.d.) na ang pagtangkilik sa pelikula ay may malaking impluwensiya sa pananaw at pag-uugali ng mga manonood, lalo na sa kanilang pag-unawa sa lipunan at kasaysayan.

Dagdag pa rito, ayon kay Malabuyoc (2019), ang pagsusuri ng pelikula bilang akdang pampanitikan ay nagbibigay-daan sa mas malalim na pag-unawa sa tema, tauhan, at mensahe nito. Pinagtibay ito ni Santos (2008) na nagsabing ang makabayang panitikan, kabilang ang pelikula, ay mahalaga sa pagpapaigting ng kamalayang pambansa. Sa kabilang banda, ipinaliwanag ni Salazar (n.d.) na ang kasaysayan ng Pilipinas ay maaaring suriin sa iba't ibang pananaw, na maaaring makita rin sa interpretasyon ng mga historikal na pelikula. Sa aspektong metodolohikal, binigyang-linaw ng QuestionPro (n.d.) at Scribbr (n.d.) na ang deskriptibong pagsusuri at thematic analysis ay mabisang paraan upang matukoy ang mga tema at kahulugan sa mga akdang tulad ng pelikula. Ito ay sumusuporta sa layunin ng pananaliksik na maunawaan hindi lamang ang nilalaman kundi pati ang implikasyon nito sa mga manonood.

Samantala, ipinakita sa mga pagsusuri nina Carrillo (n.d.) at sa iba pang film reviews (Heneral Luna Film Review, n.d.; Alidon, n.d.) na ang mga pelikulang historikal

tulad ng *Heneral Luna* at *Sakay* ay naglalaman ng kritikal na pananaw sa kasaysayan, na nag-uudyok sa mga manonood na suriin ang katotohanan at interpretasyon ng mga pangyayari. Kaugnay nito, binigyang-diin ni Benitez (n.d.) na ang pelikula ay hindi lamang representasyon ng realidad kundi isang konstruksyon ng ideolohiya at pananaw.

Sa kabuuan, malinaw na ang pelikulang historikal ay hindi lamang simpleng pagsasalaysay ng nakaraan kundi isang makapangyarihang kasangkapan sa edukasyon, kritikal na pag-iisip, at paghubog ng pambansang identidad. Dahil dito, mahalagang suriin ang mga piling historikal na pelikulang Pilipino upang matukoy ang kanilang ambag sa pagpapalawak ng kaalaman sa kasaysayan at sa paglinang ng kamalayang makabayan ng mga manonood.

## Research Questions

Ang pagsusuring ito ay naglayong saliksikin ang mga piling historikal na pelikula gaya “Heneral Luna”, “Goyo: Ang Batang Heneral”, at “El Presidente” nang sa gayon ay masuri at makatulong batay sa pananaw nito

Sinagot sa pagsusuri na ito ang mga sumusunod na katanungan:

1. Ano ang mga nilalaman ng mga piling historikal na pelikula batay sa:
    1. Karakterisasyon;
    2. Genre ng Pelikula;
    3. Tema o Paksa;
    4. Sinematograpiya;
    5. Paglalapat ng Tunog o Musika;
    6. Editing;
    7. Production Design;
    8. Direksyon;
    9. Diyalogo; at
    10. Kaisipan o Aral ng Pelikula?
2. Anong mga uri ng teoryang pampanitikan ang makikita sa mga piling historikal na pelikula sa Pilipinas?
3. Ano ang implikasyon ng mga piling historikal na pelikula sa kasalukuyang pananaw ng mga manonood tungkol sa kasaysayan?

## METHODOLOGY

Ang pananaliksik na ito ay gumamit ng kwalitatibong disenyo na nakatuon sa deskriptibong pagsusuri. Ang ganitong uri ng pananaliksik ay angkop sa pag-aaral ng mga pelikula sapagkat binibigyang-diin nito ang interpretasyon at pag-unawa sa nilalaman kaysa sa numerikal na datos. Ginamit ang thematic analysis bilang pangunahing instrumento ng pagsusuri. Ang prosesong ito ay kinabibilangan ng:

1. Panonood ng mga piling pelikula
2. Pagkilala sa mahahalagang eksena at diyalogo

3. Pagkodigo ng mga datos
4. Pagbuo ng mga tema
5. Interpretasyon ng mga resulta

Sa pamamagitan ng paraang ito, natukoy ang mga dominanteng tema at kahulugan ng mga pelikula na may kaugnayan sa kasaysayan at Lipunan.

## RESULTS AND DISCUSSION

1. Ano ang mga nilalaman ng pelikula na "Heneral Luna" batay sa**:**

1.1 Karakterisasyon

John Arcilla bilang "Heneral Antonio Luna"

Ang karakter ni Luna ay ginampanan ni John Arcilla, na nagpakita ng kahusayan sa bawat eksena. Ang kanyang malalim na boses, masidhing emosyon, at makatotohanang pagganap ay nagbigay-buhay sa makulay na personalidad ni Luna. Isa sa mga pinakatampok na bahagi ng kanyang pagganap ay ang eksenang "Negosyo o Kalayaan?" kung saan ipinamalas niya ang galit at pagkadismaya sa mga opisyal na inuuna ang sariling interes kaysa sa bayan. Ang pagganap na ito ay puno ng emosyon at enerhiya na tunay na nakaaantig sa damdamin ng mga manonood.

Joem Bascon bilang "Paco Roman"

Si Paco Roman ay matalik na kaibigan at matapat na kapanalig ni Heneral Luna. Siya ay tahimik ngunit may tapang, at laging handang ipagtanggol si Luna sa gitna ng mga kritisismo at kalaban. Ang kanyang tapat na paglilingkod ay sumasalamin sa ideyal na karakter ng isang sundalo. Ang eksenang kasamang napatay si Luna sa trahedya ng Cabanatuan ay nagpakita ng lalim ng kanyang pagmamahal at katapatan sa kanyang lider.

Nonie Buencamino bilang "Felipe Buencamino"

Si Felipe Buencamino ay isang politiko na kumakatawan sa mga interes ng mga Pilipinong may sariling ambisyon sa gitna ng digmaan. Ang kanyang madalas na pagsasalungat sa mga panukala ni Luna ay nagbigay ng tensyon sa kwento. Mahusay niyang naipakita ang isang tauhan na hindi lantarang masama ngunit puno ng pagdududa at sariling interes.

Mon Confiado bilang "Presidente Emilio Aguinaldo"

Ang karakter ni Emilio Aguinaldo ay kumakatawan sa mabigat na responsibilidad ng pagiging lider ng rebolusyonaryong pamahalaan. Bagamat tila mahinahon at marunong magtimpi, ang kanyang mga kilos at pananahimik sa mga kasong nauukol kay Luna ay nagbigay ng palaisipan sa mga manonood.

Mylene Dizon bilang "Isabel"

Si Isabel ay ang kasintahan ni Heneral Luna. Bagamat ang kanyang papel ay hindi kasing laki ng iba, siya ay nagbigay ng mas personal na pananaw sa buhay ni Luna, ipinapakita ang kanyang kakayahang magmahal sa kabila ng giyera at tungkulin. Ang eksena kung saan ipinahayag ni Isabel ang kanyang takot para sa kaligtasan ni Luna ay nagbigay ng emosyonal na balanse sa pelikula, ipinapakita ang mas malambot na bahagi ng heneral.

Aaron Villaflor bilang "Joven"

Si Joven ay isang batang mamamahayag na nagsilbing tagapagmasid sa mga kaganapan sa buhay ni Heneral Luna. Ang kanyang karakter ay kumakatawan sa mga mata ng mga kabataan at susunod na henerasyon na humahanga at natututo mula sa mga bayani ng nakaraan. Ang eksena kung saan kinapanayam niya si Luna ay nagbigay ng mahalagang mensahe tungkol sa diwa ng pagmamahal sa bayan.

1.2. Genre ng Pelikula

Ang pelikulang "*Heneral Luna*" ay isang natatanging halimbawa ng pagsasama-sama ng iba't ibang genre, partikular ang historikal**,** drama**,** at aksyon**,** na nagbibigay ng malalim at masiglang karanasan sa mga manonood. Bilang isang historikal na pelikula, ito ay nakatuon sa tunay na buhay ni Heneral Antonio Luna at ang kanyang papel sa Digmaang Pilipino sa Panahon ng Amerikano, na naglalayong muling buhayin ang mga mahahalagang tagpo sa kasaysayan ng bansa, mula sa mga makasaysayang tauhan hanggang sa intriga ng pulitika at digmaan. Dagdag pa rito, ang malalalim na personal na laban ni Luna, kabilang ang kanyang pakikibaka sa pagitan ng pag-ibig sa bayan at pagkakanulo ng mga kapwa rebolusyonaryo.

1.3 Tema o Paksa

Ang pelikulang "*Heneral Luna*" ay may malalim na puso na nagpapakita ng isip at damdamin para sa mga manonood, sapagkat ang tema nito ay umiikot sa pagmamahal sa bayan, sakripisyo, at ang masalimuot na hamon ng pagkakaisa sa gitna ng laban para sa kalayaan. Inilalarawan ng pelikula kung paano ang personal na interes, inggit, at kawalan ng tiwala ay nagiging hadlang sa tagumpay na isang realidad na nananatiling kaugnay sa kasalukuyang lipunan. Ang diwa ng pelikula ay nakaugat sa tanong na "Ano ang inuuna mo, ang sarili o ang bayan?" na makikita sa mga tagpo kung saan si Heneral Luna ay buong tapang na hinamon ang mga kasamahang inuuna ang kapakanan ng sarili kaysa sa kapakanan ng bansa. Ang mensahe ng pelikula ay malinaw na ang tunay na kalayaan ay nakakamit lamang kung may pagkakaisa at handang magsakripisyo ang bawat isa. matatag na kinabukasan.

1.4 Sinematograpiya

Ang sinematograpiya ng *Heneral Luna* ay nagtatampok ng makulay na disenyo na nagpapahayag ng seryosidad at tensyon ng pelikula. Ang kombinasyon ng matingkad at mapusyaw na kulay ay naglalarawan ng kontradiksyon sa buhay ng mga tauhan, kasabay

ng pagpapakita ng tapang at sigla ng rebolusyon sa gitna ng madilim na katotohanan ng digmaan at pagkakanulo. Ang mga visual effects ay epektibong nagbigay-buhay sa mga eksena, partikular sa mga labanan na puno ng aksyon at emosyon. Ang mahusay na paggamit ng wide shots ay naglalarawan ng lawak ng digmaan at ang papel ng kalikasan bilang saksi sa tunggalian, habang ang close-ups ay nagpapadama ng malalalim na emosyon ng mga tauhan. Samantala, ang dynamic tracking shots ay nagbigay ng enerhiya at tensyon sa mga eksenang puno ng galaw at intensyon.

1.5 Paglalapat ng Tunog o Musika

Ang paglalapat ng tunog, musika, at boses sa "*Heneral Luna*" ay mahusay na nakatulong sa pagpapalakas ng emosyonal na epekto ng pelikula. Ang tunog, tulad ng putok ng mga baril at kaluskos ng mga hakbang, ay nagbigay ng tensyon at makatotohanang damdamin sa mga eksena ng labanan at paghihirap. Ang musika, na may malalakas na mga klasiko na himig, ay tumulong upang mapadama ang katapangan, sakripisyo, at trahedya ng mga karakter, habang ang mabagal na himig sa mga eksenang malungkot ay nagbigay ng bigat sa damdamin. Ang mga boses ng mga tauhan, lalo na ang malalim at matatag na boses ni Heneral Luna, ay nagpakita ng kanyang lakas at determinasyon, at nakatulong sa pagbuo ng pagkakakilanlan ng bawat karakter. Sa kabuuan, ang tunog, musika, at boses ay naging mahalagang bahagi sa pagpapahayag ng mga tema ng pelikula at sa pagpapalawak ng karanasan ng mga manonood.

1.6 Editing

Ang editing ng pelikulang "*Heneral Luna*" ay mahusay na naisagawa. Ang mga eksena ay ipinakita sa tamang pagkakasunod-sunod, na nagbibigay daan upang maipaliwanag nang buo ang kwento at mga relasyon ng mga karakter. Hindi rin ito nagkaroon ng mga bahagi na tumalon o hindi magkakaugnay at sa halip, ang mga transitions at pagsanib ng mga eksena ay maayos, na nagpapakita ng paglipat mula sa isang emosyonal na tagpo patungo sa isa pang makasaysayang kaganapan. Ang mga flashback at mga parallel na kwento ay ipinakita nang maayos, na tumutok sa bawat karakter at nagbigay ng konteksto sa kanilang mga desisyon. Sa kabuuan, ang editing ay tumulong upang mapanatili ang daloy ng pelikula at makapagbigay ng malinaw at maayos na pagsasalaysay ng kwento.

1.7 Production Design

Ang production design ng *Heneral Luna* ay naghatid ng makatotohanang karanasan sa mga manonood sa pamamagitan ng maingat na pagpili ng lokasyon, props, kasuotan, at tagpuan. Ang mga detalyeng tulad ng mga baril, kabayo, tradisyonal na kasuotan, at realistiko ng setting ay nagbigay-buhay sa panahon ng Digmaang Pilipino-Amerikano. Ang kasuotan at make-up ay mahusay na naglarawan ng estado ng mga tauhan, mula sa mga lider ng rebolusyon hanggang sa mga sundalo, na nagpapakita ng kanilang sakripisyo at pagod. Ang mga tagpuan, mula sa mga bukirin hanggang sa tanggapan ng gobyerno, ay hindi lamang nakadagdag sa visual na aspeto kundi nagpalalim din sa mga temang tulad ng pagtataksil, pagkakaisa, at pag-asa. Sa kabuuan, ang production design ay nagbigay ng kredibilidad sa pelikula at nagpatibay sa pagsasalaysay ng kasaysayan at damdamin ng mga tauhan.

1.8 Direksyon

Mahusay na nagampanan ng direktor, na si Jerrold Tarog. Nakatulong ang direksyon niya sa pagpapalakas ng mga temang tinalakay, tulad ng sakripisyo, pagkakaisa, at pagmamahal sa bayan. Ang mga eksena ng labanan, ang mga makasaysayang talumpati ni Heneral Luna, at ang mga emosyonal na tagpo ay naipakita nang tumpak at kapani-paniwala, na nagpapakita ng kahusayan ng direksyon sa pagpapahayag ng mga damdamin at pagsasalaysay ng kwento. Matagumpay na naisakatuparan ang paglalapat ng lahat ng elemento ng pelikula mula sa sinematograpiya, tunog, musika, at production design.

1.9 Diyalogo

Ang mga diyalogo sa “Heneral Luna” ay matino at angkop sa konteksto ng pelikula, kung saan ang bawat linya ay naglalaman ng lalim at bigat na tumutugma sa makasaysayang kaganapan at mga karakter. Ang lenggwahe na ginamit ay hindi bulgar; bagkus, ito ay mayroong mataas na antas ng pormalidad, na angkop sa setting ng panahon ng Digmaang Pilipino sa Panahon ng Amerikano at sa mga karakter tulad ni Heneral Luna, na isang lider at sundalo. Ang mga diyalogo, lalo na ang mga talumpati ni Heneral Luna, ay nagpapakita ng matinding pagmamahal sa bayan at ang kanyang mga prinsipyo tungkol sa disiplina at pagkakaisa, kaya't ang mga salitang ginamit ay malalim at puno ng pasyon. Angkop din ang lenggwahe sa takbo ng mga pangyayari, dahil ito ay tumutugon sa mga emosyonal at makasaysayang kaganapan ng pelikula. Sa mga eksena ng labanan, ang mga diyalogo ay mabilis at matindi, na tumutugma sa tensyon ng mga pangyayari. Sa mga personal na pag-uusap, lalo na sa mga kritikal na moments ng pelikula, ang mga salitang ginamit ay may kasamang drama at bigat upang ipakita ang mga suliranin ng mga tauhan, kanilang mga pagdududa, at ang kanilang mga sakripisyo.

1.10 Kaisipan o Aral ng Pelikula

Ang pangunahing kaisipan o aral na matatagpuan sa *pelikula* ay ang kahalagahan ng pagkakaisa, pagmamahal sa bayan, at ang pagtutok sa mga prinsipyo, kahit pa ito ay magdulot ng personal na sakripisyo. Sa pelikula, makikita ang malupit na tunggalian hindi lamang laban sa mga banyaga kundi pati na rin sa loob ng bansa, kung saan ang mga lider at sundalo ay nahaharap sa mga personal na interes at kapakinabangan na nagiging hadlang sa tagumpay ng buong bansa. Ang pagkakaisa ay isang mahalagang tema sa pelikula, kung saan ipinakita ni Heneral Luna ang kanyang matinding dedikasyon at pagmamahal sa Pilipinas. Gayunpaman, ang kanyang mga prinsipyo at pagmamahal sa bayan ay naging dahilan din ng kanyang hindi pagkakaunawaan sa kanyang mga kababayan, na nagdulot ng pagkawatak-watak sa hanay ng mga Pilipino. Ang aral na natutunan dito ay hindi sapat ang pagkakaroon ng pagmamahal sa bayan kung walang pagkakaisa at kooperasyon mula sa lahat.

2. Anong mga uri ng teoryang pampanitikan ang makikita sa mga piling historikal na pelikula sa Pilipinas?

Teoryang Historikal

Ang pelikula ay isang makasaysayang akda na tumatalakay sa mga tunay na kaganapan sa kasaysayan ng Pilipinas, partikular ang buhay ni Heneral Antonio Luna at ang Digmaang Pilipino sa Panahon ng Amerikano. Ang mga pangyayari, karakter, at lugar ay sumasalamin sa mga tunay na kaganapan na nangyari sa kasaysayan ng bansa.

Teoryang Marxismo/Markismo

Maaaring i-analisa ang pelikula gamit ang teoryang ito dahil tinalakay dito ang mga isyu ng kapangyarihan, pag-aari, at ang tunggalian ng mga uri sa lipunan, lalo na sa pagitan ng mga lider at ordinaryong sundalo. Ang mga suliraning panlipunan, tulad ng mga kasamahan sa hukbo at mga ipinaglalaban ni Heneral Luna, ay nagpapakita ng mga klase at ang kanilang mga interes sa isang lipunang dinamikong gumagalaw patungo sa kalayaan.

Teoryang Realismo

Ang Heneral Luna ay nagpapakita ng mga makatotohanang karanasan ng mga tauhan sa isang makasaysayang konteksto. Hindi ito nagpapakita ng idealisadong imahe ng mga lider at mga sundalo, kundi naglalarawan ng kanilang mga kahinaan, pagkakamali, at mga personal na laban na may kinalaman sa mga mahahalagang isyu ng bayan.

Teoryang Sosyolohikal

Ang pelikula ay maaaring suriin gamit ang teoryang sosyolohikal dahil tinatalakay nito ang epekto ng lipunan sa mga individual at kung paano ang mga kaganapan sa kasaysayan ay nakakaapekto sa kalagayan ng bawat tao, tulad ng hidwaan sa pagitan ng mga lider at ang pagkakaroon ng mga magkakaibang pananaw sa kung paano ipagtanggol ang bayan.

Teoryang Istrukturalismo

Ang pelikula ay maaaring makita sa pamamagitan ng istrukturalistang lente, kung saan ang kwento ay itinanghal sa isang partikular na estruktura na nagpapaalala ng pagkakabit-kabit na relasyon ng mga tauhan, kaganapan, at tema. Ang pelikula ay nagpapakita ng masalimuot na ugnayan ng mga karakter sa isang sistema ng kapangyarihan at ideolohiya.

Teoryang Dekonstruksyon

Sa pelikula, maaari rin makita ang dekonstruksyon ng mga ideyal na may kinalaman sa pagkamakabayan at pagkakaisa, lalo na sa mga eksena ng tunggalian at

pagtataksil sa loob ng hanay ng mga Pilipino. Tinutuklas nito kung paanong ang mga pangunahing ideya tulad ng "bayan" at "pagkakaisa" ay maaaring magtulungan at magsanib sa mga internal na hidwaan.

Teoryang Feminismo

Bagamat hindi pangunahing tinalakay ang mga isyu ng kasarian, ang mga karakter na babae sa pelikula ay maaaring tingnan sa lens ng feministang teorya, na nagpapakita ng kanilang papel sa isang patriarkal na lipunan at kung paano sila nakikibaka para sa kanilang lugar sa kasaysayan ng bansa.

Teoryang Siko-analitiko

Ang pelikula ay maaaring pag-aralan batay sa siko-analitikong teorya sa pamamagitan ng pagtingin sa mga motibo at sikolohikal na aspeto ng mga karakter, lalo na ni Heneral Luna. Ang kanyang mga emosyonal na reaksyon, galit, at pakikisalamuha sa kanyang mga kapwa sundalo at lider ay maaaring ipaliwanag sa pamamagitan ng teoryang ito.

Teoryang Humanismo

Ang pelikula ay nagpapakita ng mga tema ng tapang, pag-aalay, at ang paghahanap ng kahulugan ng buhay, partikular sa buhay ni Heneral Luna. Ang kanyang laban para sa bayan at ang kanyang ideyalismo ay nagpapakita ng humanistang pananaw na nagpapahalaga sa dignidad ng tao at sa paghahanap ng kabutihang panlahat.

3. Ano ang implikasyon ng mga piling historikal na pelikula sa kasalukuyang pananaw ng mga manonood tungkol sa kasaysayan?

Ang mga piling historikal na pelikula, tulad ng “Heneral Luna”, ay may malalim na implikasyon sa kasalukuyang pananaw ng mga manonood tungkol sa kasaysayan. Ang mga pelikulang ito ay nagbibigay ng bagong perspektibo at mas malalim na pagkaunawa sa mga kaganapang makasaysayan, na hindi lamang mga factual na pangyayari, kundi pati na rin ang mga damdamin, saloobin, at mga personal na karanasan ng mga tauhan sa kasaysayan. Dahil sa visual na pagganap at dramatikong interpretasyon, mas natatandaan ng mga manonood ang mga detalye ng kasaysayan na maaaring hindi nila lubos na nauunawaan sa mga aklat o artikulo. Nagiging mas buhay ang kasaysayan sa mata ng mga kabataan at mga hindi eksperto sa paksa. Ang mga historikal na pelikula ay hindi lamang nagpapakita ng mga kaganapan, kundi nagbibigay din ng mga tanong at hamon sa mga pananaw ng manonood. Halimbawa, sa *Heneral Luna*, ipinakita ang hidwaan sa loob ng mga Pilipino, ang mga pagkukulang ng mga lider, at ang personal na sakripisyo na kalakip sa digmaan. Ang ganitong uri ng pelikula ay nag-uudyok sa mga manonood na magtanong at mag-isip ng mas kritikal tungkol sa mga nangyari sa nakaraan at kung paano ito nakaaapekto sa kasalukuyan. Ang mga historikal na pelikula ay may kakayahang magbigay ng inspirasyon at pagmamahal sa bansa, lalo na kung ipinapakita ang mga sakripisyo at katapangan ng mga bayani at lider sa kasaysayan. Sa

*Heneral Luna*, ang karakter ni Heneral Antonio Luna ay nagpapakita ng dedikasyon sa bayan, at ito ay nagiging isang simbolo ng pagmamahal at sakripisyo para sa kalayaan ng bansa. Ang ganitong mga mensahe ay nagpapalakas ng kamalayan sa mga manonood tungkol sa halaga ng kasaysayan at ang kahalagahan ng pagkakaisa sa bansa.

1. Ano ang mga nilalaman ng pelikula na " Goyo: Ang Batang Heneral batay sa:

1.1 Karakterisasyon

Paulo Avelino bilang "Heneral Antonio Luna"

Ang karakter ni Gregorio "Goyo" del Pilar ay epektibong naipakita ang pagiging isang batang heneral na puno ng karisma ngunit may mga kahinaan. Sa kanyang pagganap, naipakita niya ang tapang, idealismo, at emosyonal na pakikibaka ni Goyo, lalo na sa mga eksena bago ang Labanan sa Tirad Pass. Isa sa mga pinakatampok na bahagi ng kanyang pagganap ay ang eksena kung saan nagpakita siya ng pag-aalinlangan at takot, isang bihirang pagkakataong makita ang kahinaan ng isang itinuturing na bayani. Ang malalim na emosyon at makatotohanang interpretasyon ni Paulo sa eksenang ito ay nagbigay-buhay sa pagkatao ni Goyo at tumagos sa puso ng mga manonood.

Mon Confiado bilang "Emilio Aguinaldo"

Ang karakter ni Emilio Aguinaldo ay nagpakita ng isang komplikado at makapangyarihang lider. Ang kanyang tahimik ngunit matindi ang presensiyang pagganap ay nagbigay-lalim sa karakter ni Aguinaldo, lalo na sa mga eksenang nagpapakita ng kanyang pagdududa sa katapatan ng mga nasa paligid niya. Ang eksena kung saan pinahayag niya ang pagkabahala sa rebolusyon at ang bigat ng kanyang tungkulin bilang lider ay isang standout, na naglalarawan ng kanyang pagiging tao at ang kanyang mga takot.

Rafa Reyna bilang "Julian del Pilar"

Si Julian del Pilar, ang mapagmahal at suportadong kapatid ni Goyo, ay ginampanan ay nagpakita ng pagiging tapat at maalalahaning kuya sa mga eksena kung saan nagbibigay siya ng payo at lakas ng loob kay Goyo. Ang eksenang nangako siya kay Goyo na palaging magiging tapat sa kaniya ay isang patunay ng kanyang kahusayan sa pagganap, na nagpapakita ng pagmamahal sa kapatid sa kabila ng panganib.

Carlo Aquino bilang "Col. Vicente Enriquez"

Si Vicente Enriquez ay isang matapat ngunit kritikal na opisyal na malapit kay Goyo. Sa bawat eksena, epektibong nailarawan ni Carlo ang tahimik na pagmamasid at mapanuring pananaw ni Vicente, na nagbibigay ng balanse sa idealismong ipinapakita ni Goyo. Isa sa mga pinakamahusay na eksena niya ay ang pag-uusap nila ni Goyo kung saan binanggit niya ang mga hamon ng responsibilidad bilang isang lider, na puno ng lalim at emosyon.

Aaron Villaflor bilang “Joven Hernando”

Si Joven Hernando, ang batang mamamahayag na sumusubaybay sa kwento ni Goyo ay naipakita ang pagiging mausisa, idealistiko, at minsang inosente ng isang kabataan na nakasaksi sa realidad ng digmaan. Ang eksena kung saan nagtanong siya tungkol sa tunay na kahulugan ng kabayanihan ay isang highlight, na nagbigay ng kritikal na pananaw sa mga manonood.

Gwen Zamora bilang “Remedios Nable Jose”

Ginampanan ni Gwen Zamora si Remedios, ang romantikong interes ni Goyo. Mahusay niyang naipakita ang pagiging malambing ngunit malakas na personalidad ni Remedios, lalo na sa mga eksenang nagpapakita ng kanyang pagdududa at pagtutol sa mga aksyon ni Goyo. Ang eksenang tinanggihan niya si Goyo at sinabing ang pagmamahal ay hindi sapat upang baguhin ang takbo ng digmaan ay puno ng emosyon at lalim, na nagbigay ng makabuluhang kontribusyon sa kwento..

1.2 Genre ng Pelikula

Ang pelikulang “*Goyo: Ang Batang Heneral”* ay kabilang sa Historikal na genre dahil nakabatay ito sa mga tunay na kaganapan sa kasaysayan, partikular sa buhay ni Gregorio "Goyo" del Pilar, isang bayani ng rebolusyong Pilipino. Sa pamamagitan ng makatotohanang paglalahad ng Labanan sa Tirad Pass at ng mga personal na karanasan ni Goyo, naipakita ang mahalagang bahagi ng kasaysayan ng Pilipinas. Bukod dito, nagtataglay rin ito ng Drama, dahil tumutok ang pelikula sa emosyonal na paglalakbay ni Goyo bilang isang lider na nahaharap sa kanyang sariling mga pag-aalinlangan at kahinaan. Ang pagsasama ng historikal na katotohanan at dramatikong pagsasalaysay ang nagbigay-daan upang mas maantig ang damdamin ng mga manonood.

1.3 Tema o Paksa

Ang pelikulang “*Goyo: Ang Batang Heneral”* ay may malalim na tema na tumatalakay sa tunay na kahulugan ng kabayanihan at liderato. Ipinapakita nito na ang pagiging bayani ay hindi lamang nasusukat sa tapang at tagumpay sa labanan, kundi pati na rin sa pagtanggap ng sariling kahinaan at responsibilidad. Sa emosyonal na paglalakbay ni Goyo, binibigyang-diin ng pelikula ang bigat ng pagiging lider at ang mga pagsubok na kaakibat nito, na tiyak na tumitimo sa damdamin ng mga manonood. Ang mensahe ng pelikula ay malinaw—ang tunay na kabayanihan ay hindi perpekto, kundi matapat sa sarili at handang magsakripisyo para sa higit na layunin. Hinihikayat nito ang mga manonood na suriin ang konsepto ng bayani sa mas malalim at makataong paraan.

1.4 Sinematograpiya

Ang sinematograpiya ng :Goyo: Ang Batang Heneral” ay pinuri dahil sa matingkad at detalyadong paggamit ng mga kulay, ilaw, at visual effects na nagbigay-buhay sa kasaysayan. Ang kabuuang kulay ng pelikula ay mas mapusyaw sa mga eksenang nagpapakita ng repleksyon at kalungkutan, samantalang matingkad sa mga bahagi ng tagumpay at kasiglahan, na tumutulong sa pagbibigay-diin sa emosyonal na takbo ng

kuwento. Mahusay ang paggamit ng visual effects sa mga eksenang labanan, lalo na sa Labanan sa Tirad Pass, kung saan naging makatotohanan ang mga detalye ng digmaan. Ang mga shots ay maingat na pinili upang magdagdag ng lalim sa pagsasalaysay ng pelikula. Halimbawa, ang malalawak na landscape shots ng kabundukan ay nagpapahiwatig ng kalayaan ngunit kasabay nito ay ang bigat ng sakripisyong kinakailangan para dito. Ang close-up shots naman ay ginamit upang ipakita ang emosyon ng mga tauhan, tulad ng takot, pagdududa, at tapang ni Goyo. Ang mahusay na pag-manipula ng ilaw, mula sa natural na liwanag ng araw sa masiglang eksena hanggang sa madilim at anino sa mga tensyonadong bahagi, ay nagbigay ng malinaw na interpretasyon ng damdamin at tono ng pelikula. Sa kabuuan, ang sinematograpiya ay naging mabisang instrumento sa masining na pagsasalaysay ng kwento ng pelikula.

1.5 Paglalapat ng Tunog o Musika

Ang paglalapat ng tunog at musika sa "Goyo: Ang Batang Heneral" ay mahusay at makabuluhan, na nagbigay-linaw at lalim sa bawat pangyayari sa pelikula. Ang malinaw na pagkakasalansan ng mga tunog mula sa kalansing ng mga espada hanggang sa putok ng mga baril ay nagparamdam sa manonood ng tensyon at katotohanan ng digmaan. Ang musika ay maririkit at emosyonal, na nagdagdag ng bigat sa mga dramatikong eksena, tulad ng sa Labanan sa Tirad Pass kung saan ang melancholic score ay tumugma sa kalungkutan at sakripisyong ipinakita. Ang boses ng mga tauhan ay natural at may damdamin, na nagpaigting sa mga eksena ng pagkakaibigan, pagdududa, at pagkilos. Halimbawa, ang tono ng boses ni Goyo sa kanyang mga huling salita ay nagdulot ng lalim sa kanyang karakter at nagbigay ng epekto sa damdamin ng manonood. Ang musika at tunog ay naging mahalagang elemento sa estetika ng pelikula, tumutulong upang maipadama ang sitwasyon, tagpuan, at emosyon. Ang bawat nota at tunog ay nagbigay-konteksto at naghatid ng mensahe na tumutugma sa kabuuang kwento ng pelikula, na lalong nagpakintal ng diwa ng kabayanihan at sakripisyo.

1.6 Editing

Ang editing ng "*Goyo: Ang Batang Heneral*" ay mahusay na naitagni-tagni, na nagbigay-daan sa malinaw at emosyonal na daloy ng kwento. Pinagsama nito ang mga eksenang nagpapakita ng personal na buhay ni Goyo at ang kanyang mga responsibilidad bilang heneral sa isang paraan na nagdulot ng mas malalim na pag-unawa sa kanyang karakter. Ang mga transisyon mula sa mas tahimik na sandali ng introspeksyon patungo sa mga matitinding eksenang labanan ay maingat na isinagawa, na nagbigay ng balanse sa pagitan ng aksyon at drama. Ang montage na nagpapakita ng ebolusyon ng relasyon ni Goyo sa kanyang mga tauhan at mga mahal sa buhay ay nagbigay ng koneksyon sa emosyonal na aspeto ng kwento. Gayunpaman, may ilang bahagi na maaaring mabagal ang pacing, partikular sa mga eksenang naglalarawan ng kanyang personal na pagdududa, na nagdulot ng bahagyang paghinto sa daloy ng kwento para sa ibang manonood. Sa kabila nito, ang kabuuang editing ay nanatiling epektibo, lalo na sa mga eksenang labanan kung saan ang mga mabilis at mabagal na galaw ay nakapagpatingkad ng tensyon at sakripisyo. Ang malinaw na koneksyon ng bawat eksena ay nagbigay-daan upang maiparating ang mas malalim na mensahe ng pelikula tungkol sa kabayanihan, sakripisyo, at pagiging tao.

1.7 Production Design

Ang production design ng "*Goyo: Ang Batang Heneral*" ay maingat at detalyado, na nagbigay-buhay sa makasaysayang konteksto ng pelikula. Ang mga lokasyon at props na ginamit ay makatotohanan at tumutugma sa panahon ng Rebolusyonaryong Pilipinas, tulad ng mga kampo militar, kabundukan ng Tirad Pass, at mga bahay na gawa sa kahoy, na nagbigay ng malalim na immersion para sa mga manonood. Ang kasuotan ng mga tauhan ay wasto sa kanilang ranggo at estado sa buhay, mula sa mga unipormeng militar hanggang sa mga simpleng damit ng mga sibilyan, na sinamahan ng natural at angkop na make-up upang ipakita ang hirap ng digmaan at klima. Ang mga tagpuan ay akmang-akma sa bawat eksena, lalo na ang kabundukan na nagbigay ng dramatikong backdrop sa mga labanan at ang mga lansangan na nagpapakita ng pang-araw-araw na buhay noong panahon ng rebolusyon. Sa kabuuan, ang production design ay epektibong nakatulong upang madama ng mga manonood ang tunay na kalagayan ng mga tauhan at ang makasaysayang tagpo ng kwento.

1.8 Direksyon

Mahusay na naisakatuparan ni Jerrold Tarog ang kanyang tungkulin bilang direktor ng Goyo: Ang Batang Heneral, na nagbigay-daan upang maiparating ang malalim na mensahe ng pelikula tungkol sa kabayanihan, pagdududa, at sakripisyo. Ang kanyang direksyon ay nagpakita ng maingat na paglalapat ng bawat elemento ng pelikula—mula sa sinematograpiya, editing, production design, musika, at pagganap ng mga artista—na nagresulta sa isang dekalidad na pelikula. Pinatibay ng malinaw na pagsasalaysay ni Tarog ang emosyonal na aspeto ng kwento, kung saan ipinakita niya hindi lamang ang pagiging heneral ni Goyo, kundi ang pagiging tao nito na nagdaranas ng mga takot at pagkukulang. Ang atensyon ni Tarog sa detalye, tulad ng makatotohanang reenactment ng mga eksena sa kasaysayan at ang balanseng pagtalakay sa mga personal at pampublikong hamon ni Goyo, ay nagpatingkad sa kagandahan ng pelikula. Sa pamamagitan ng kanyang malikhaing direksyon, matagumpay niyang naiparating ang tema ng repleksyon at kabayanihan sa mas personal na antas. Ang pelikula ay hindi lamang nagbigay-aliw, kundi nagtulak din ng kritikal na pagninilay tungkol sa mga bayani at lider. Dahil dito, masasabing ang direksyon ni Tarog ay tunay na kahanga-hanga at mahalaga sa tagumpay ng pelikula.

1.9 Diyalogo

Ang mga diyalogo sa Goyo: Ang Batang Heneral ay matino at akma sa konteksto ng pelikula. Ang mga salitang ginamit ay may lalim at tumutok sa makasaysayang at dramatikong aspeto ng kwento, na nagbibigay ng tindi at halaga sa bawat eksena. Wala itong bulgar na wika, at sa halip, ang mga karakter ay gumagamit ng pormal at makatarungang lenggwahe na angkop sa kanilang estado sa buhay at sa mga sitwasyong kanilang kinaharap. Halimbawa, ang mga diyalogo ni Goyo at ng kanyang mga tauhan ay nagpapakita ng kanilang pagiging disiplinado at may malasakit sa bayan, habang ang mga usapan sa pagitan ng mga lider ng rebolusyon ay puno ng seryosong diskurso tungkol sa kalayaan at sakripisyo. Ang lenggwahe ay tumutugma sa takbo ng mga pangyayari, kaya't nagiging mas makatotohanan at emosyonal ang pelikula. Ang mga salita ay hindi lamang nagsisilbing komunikasyon, kundi nagdadala ng mga ideya

tungkol sa kalayaan, tungkulin, at pagkatao, na nagiging mas malalim sa konteksto ng mga pangyayaring makasaysayan. Sa pangkalahatan, ang mga diyalogo sa pelikula ay naging mabisang instrumento sa pagpapahayag ng mensahe ng pelikula, at tumulong sa pagbuo ng mga karakter at pagpapalawak ng tema nito.

1.10 Kaisipan o Aral ng Pelikula

Isang mahalagang aral na matutunan mula sa Goyo: Ang Batang Heneral ay ang kahalagahan ng tunay na liderato, na hindi lamang nakabatay sa lakas at tapang, kundi sa pagpapakita ng malasakit at kababaang-loob sa mga tauhan at bayan. Ipinapakita ng pelikula na ang pagiging isang bayani ay hindi nangangahulugang pagiging perpekto, kundi ang pagpapakita ng tapang at sakripisyo sa harap ng mga hamon at kahinaan ng tao. Sa karakter ni Goyo, makikita ang kanyang internal na pakikibaka sa pagbalanse ng kanyang personal na buhay at ang tungkulin bilang heneral sa gitna ng digmaan. Ang pelikula ay nagpapakita na ang mga lider, sa kabila ng kanilang posisyon at lakas, ay may mga personal na alinlangan at pakiramdam ng kawalan ng katarungan. Subalit, sa huli, ang kanilang mga desisyon at aksyon ay may epekto sa mas nakararami. Ang aral dito ay ang pagiging tapat sa bayan at sa sarili, at ang pagtatanggol sa kalayaan ay hindi nangangailangan ng pagiging walang kamalian, kundi ng malalim na pag-unawa sa halaga ng buhay at pagkakaisa. Ang pelikula ay nagsisilbing paalala na ang mga tunay na bayani ay hindi palaging nakikita sa mga makukulay na eksena ng labanan, kundi sa mga simpleng hakbang ng pagtutok sa kabutihan ng nakararami.

1. Anong mga uri ng teoryang pampanitikan ang makikita sa mga piling historikal na pelikula sa Pilipinas?

Teoryang Historikal

Ang Goyo: Ang Batang Heneral ay isang makasaysayang pelikula na tumatalakay sa buhay ni General Gregorio del Pilar at ang kanyang mga karanasan sa panahon ng Philippine-American War. Gamit ang teoryang historikal, ipinakita ang mga kaganapan, tauhan, at lokal na kasaysayan sa isang makatotohanang paraan upang ipakita ang tunay na kwento ng mga bayani at ang kanilang mga sakripisyo.

Teoryang Bayograpikal

Maaaring ilapat ang teoryang bayograpikal sa pelikulang ito, dahil itinatampok nito ang buhay ni Goyo. Sa pamamagitan ng pagpapakita ng kanyang mga personal na pagdududa, pagmumuni-muni, at mga pagsubok, makikita ang aspeto ng pelikula na tumutok sa buhay ng isang makasaysayang tao at kung paano ito nakaapekto sa kanyang mga desisyon.

Teoryang Markismo/Marxismo

Ang teoryang Markismo ay tumutok sa mga usapin ng klase at kapangyarihan. Sa pelikula, makikita ang mga tensyon ng mga lider ng rebolusyon laban sa mga pamahalaan ng kanilang oras. Ang isyu ng kapangyarihan, kayamanan, at ang

pagsasakripisyo ng masa ay ipinapakita sa kwento ng pelikula, na nagsisilbing simbolo ng mga ideya ng Marxismo hinggil sa labanan ng mga uri.

Teoryang Realismo

Ang Goyo: Ang Batang Heneral ay nagpapakita ng makatotohanang paglalarawan ng buhay sa digmaan, kung saan ipinakita ang mga hamon, sakripisyo, at emosyonal na bigat ng mga tauhan. Ang teoryang realismo ay tumpak dahil tinatalakay nito ang mga aktwal na kaganapan, hindi lamang sa isang makasaysayang konteksto kundi pati na rin sa mga personal na aspeto ng buhay ng isang heneral at ng kanyang mga kasama.

Teoryang Sosyolohikal

Sa pamamagitan ng teoryang sosyolohikal, ang pelikula ay maaaring tingnan bilang isang pagsasalamin ng mga isyu sa lipunan, tulad ng tunggalian sa pagitan ng mga ideolohiyang pampulitika, ang epekto ng digmaan sa mga tao, at ang kahalagahan ng bayan at sakripisyo. Ipinapakita ng pelikula ang relasyon ng mga tauhan sa kanilang komunidad at ang epekto ng mga digmaan sa kanilang lipunan.

Teoryang Feminismo

Bagamat ang Goyo: Ang Batang Heneral ay hindi nakatuon sa mga karakter ng kababaihan, maaari pa ring tingnan ang papel ng mga kababaihan sa pelikula, tulad ng kanilang papel sa pagkakaroon ng boses sa mga makasaysayang pangyayari, at kung paano sila nakikita at ginagamit sa isang lalaki-dominadong lipunan ng panahon ng digmaan.

Teoryang Eksistensyalismo

Ang pelikula ay nagbibigay-pansin sa mga pagdududa, desisyon, at internal na laban ng karakter ni Goyo. Sa teoryang eksistensyalismo, tinatalakay ang mga tanong ukol sa kahulugan ng buhay, ang mga hakbang na ginagawa ng mga tauhan upang makatagpo ng layunin sa buhay, at ang kanilang personal na responsibilidad. Sa kaso ni Goyo, ang kanyang pakikibaka upang maging isang tunay na lider ay isang magandang halimbawa ng eksistensyal na paghahanap ng sarili.

Teoryang Formalismo/Formalistiko

Sa teoryang formalismo, ang pokus ay nasa porma ng pelikula, tulad ng sinematograpiya, pagsulat ng iskrip, at direksyon. Maaaring ilapat ang teoryang ito sa Goyo: Ang Batang Heneral dahil sa maingat na paggamit ng mga visual na elemento, estilo ng pag-edit, at pagkakasunod-sunod ng mga eksena na bumuo sa kanyang naratibo at tema.

2. Ano ang implikasyon ng mga piling historikal na pelikula sa kasalukuyang pananaw ng mga manonood tungkol sa kasaysayan?

Ang Goyo: Ang Batang Heneral bilang isang piling historikal na pelikula ay may malalim na implikasyon sa kasalukuyang pananaw ng mga manonood tungkol sa kasaysayan. Una, ang pelikula ay naglalarawan ng mga makasaysayang pangyayari sa panahon ng Philippine-American War, na nagbibigay ng bagong pananaw sa mga mahahalagang tauhan at kaganapan sa kasaysayan ng Pilipinas. Sa pamamagitan ng pagpapakita ng buhay ni General Gregorio del Pilar, isang batang heneral, binibigyan nito ang mga manonood ng pagkakataon na makita ang ibang bahagi ng ating kasaysayan—hindi lamang ang mga kilalang lider, kundi pati na rin ang mga personal na pakikibaka ng isang bayani sa digmaan. Sa kasalukuyang pananaw ng mga manonood, ang pelikula ay nagbibigay-diin sa kahalagahan ng pagkakaisa at sakripisyo para sa bayan. Gayundin, tinatalakay nito ang mga temang may kaugnayan sa kapangyarihan, desisyon, at moralidad ng mga lider sa harap ng mga makapangyarihang puwersa. Sa pamamagitan ng karakter ni Goyo, makikita ng mga manonood ang mga hamon ng pagiging isang lider at kung paano ito nagiging sagabal sa personal na buhay ng isang tao. Ang pelikula ay nagpapakita na ang kasaysayan ay hindi palaging itinatanghal sa isang positibong liwanag, kundi may mga aspeto ng pag-aalinlangan at pagsisisi sa bawat hakbang ng mga bayani. Ang Goyo ay may malaking epekto sa kasalukuyang pananaw ng mga manonood sa pamamagitan ng pagpapakita ng hindi lamang ang makasaysayang aspeto ng buhay ni Goyo, kundi pati na rin ang kanyang pagiging tao—na may mga kahinaan, emosyon, at personal na laban. Ito ay nagpapakita na ang kasaysayan ay hindi isang tuwid na kwento ng tagumpay, kundi isang masalimuot na proseso na may iba't ibang perspektibo at naratibo. Dahil dito, ang pelikula ay tumutulong upang mas mapalawak ang pag-unawa ng mga manonood sa kasaysayan, pati na rin sa kahalagahan ng mga desisyon ng bawat isa sa paghubog ng ating makabayan at makatawid na identidad.

1. Ano ang mga nilalaman ng pelikula na “El Presidente” batay sa:

1.1 Karakterisasyon

Emilio Aguinaldo ( Jeorge E.R.” Estregan )

Ang karakter ni Aguinaldo na ginampanan ni Jeorge “E.R.” Estregan na ipinakita niya ang lalim at lakas bilang isang lider na nagsakripisyo para sa kalayaan ng bansa. Ang kanyang pagganap ay nagbigay-diin sa matinding emosyon, lalo na sa mga eksenang nagpapakita ng kanyang mga desisyon sa gitna ng mga pagsubok. Isang tampok na eksena ay ang pakikipaglaban niya sa mga Kastila at ang mga mahihirap na desisyon na kinailangan niyang gawin upang matamo ang kalayaan ng bansa.Sa bawat eksena, ipinakita ni Estregan bilang Aguinaldo ang tapang, determinasyon, at pagmamahal sa bayan, na tunay na nakaaantig sa puso ng mga manonood. Ang kanyang kahusayan sa pagganap ay nagsilbing buhay ng karakter at nagbigay-diin sa mga sakripisyo ng isang lider.

Antonio Luna “Christopher De Leon”

Isang matapang at disiplinadong heneral noong Rebolusyong Pilipino. Ipinakita sa pelikula ang kanyang pagiging makabayan at ang kanyang mga hindi pagkakasundo kay Emilio Aguinaldo at iba pang lider ng rebolusyon. Sa kabila ng mga salungatan, nanindigan si Luna para sa pagkakaisa ng mga Pilipino laban sa mga mananakop.

Nagbigay-buhay sa katauhan ni Luna, na nagpakita ng kanyang tapang, sakripisyo, at mga hamon bilang isang lider.

Hilaria del Rosario  “Nora Aunor”

Si Hilaria ang unang asawa ni Emilio Aguinaldo. Ipinakita niya ang katahimikan at lakas ng isang babaeng matatag na sumusuporta sa kanyang asawa sa gitna ng mga hamon ng rebolusyon. Sa bawat eksena, naipahayag niya ang pagmamahal at sakripisyo ni Hilaria, na naging inspirasyon para kay Aguinaldo. Ang kanyang pagganap ay nagbigay-diin sa mahalagang papel ng kababaihan sa kasaysayan, na hindi lamang bilang tagasuporta kundi bilang matibay na haligi ng pamilya at bayan.

Gen. Tomas Mascardo”Alan Paule”

Isang heneral sa Rebolusyong Pilipino. Kilala si Mascardo sa kanyang hindi pagkakasundo kay Emilio Aguinaldo, lalo na sa mga utos na hindi niya sinunod. Isa sa mga mahalagang bahagi ng pelikula ay ang tensyon sa pagitan nila, na nagpapakita ng mga hamon sa pamumuno at pagkakaisa sa panahon ng rebolusyon.

Mylene Maria Agoncillo “Cristine Reyes”

Si Maria Agoncillo ang pangalawang asawa ni Emilio Aguinaldo. Ipinakita niya ang kabataan, kagandahan, at pagmamahal ng isang babaeng muling nagbigay ng liwanag sa buhay ni Aguinaldo matapos ang maraming pagsubok. At naipakita ang suporta at pagmamalasakit ni Maria sa kanyang asawa sa kabila ng hirap ng panahon. Nagbigay ito ng bagong pag-asa kay Aguinaldo, na nagpapakita ng kahalagahan ng pagmamahalan at pagtutulungan sa gitna ng mga hamon.

Andres Bonifacio “Cesar Montano”

Isa siya  sa mga pinakatanyag na lider ng Katipunan at itinuturing na “Ama ng Rebolusyong Pilipino.” Ipinakita niya ang kanyang tapang at dedikasyon sa paglaban para sa kalayaan ng bansa. Maging bilang isang tapat na kasamahan ni Emilio Aguinaldo, na nagbabahagi ng parehong layunin para sa bayan. Gayunpaman, ang kanilang hindi pagkakasunduan sa mga estratehiya at pananaw ay naging ugat ng hidwaan, na nagdulot ng isang mahalagang kabanata sa kasaysayan ng rebolusyon. Ito ay sumasalamin sa kanyang prinsipyo, pagkamatapat sa bayan, at mga sakripisyong ginawa para sa kalayaan, na nagbibigay-diin sa masalimuot na hamon ng pagkakaisa sa panahon ng digmaan.

1.2 Genre ng Pelikula

Ang pelikulang “El Presidente” ay isang makulay na pagsasama ng iba’t ibang genre tulad ng historikal, drama, at aksyon na nagbibigay ng isang malalim na pagtingin sa buhay ni Emilio Aguinaldo at ang kanyang papel sa rebolusyon laban sa mga mananakop. Bilang isang historikal na pelikula, tinalakay nito ang mahahalagang pangyayari sa kasaysayan ng Pilipinas, tulad ng kanyang pamumuno sa Digmaang Pilipino at ang mga desisyon na humubog sa kalayaan ng bansa. Ang mga eksenang

dramatiko ay nagpapakita ng malalalim na emosyon at personal na laban ni Aguinaldo, mula sa kanyang mga relasyon sa pamilya at mga kapwa lider, hanggang sa mga sakripisyo at mahihirap na desisyon na kanyang ginawa para sa bayan. Ito ay punong-puno ng mga eksena ng digmaan at labanan, na nagpapakita ng tapang at dedikasyon ng mga rebolusyonaryo, pati na rin ang mga stratehiya at taktika ng mga sundalo sa harap ng matinding hamon.Nagbigay ng makulay na pananaw sa panig ng tao sa pagiging isang lider, pati na rin sa mga intriga at hidwaan na bumabalot sa mga rebolusyonaryo. Sa kabuuan, ang “El Presidente” ay hindi lamang isang pelikula tungkol sa kasaysayan ng Pilipinas kundi isang malalim na pagsusuri sa mga sakripisyo, pag-ibig sa bayan, at ang trahedya ng hindi pagkakaunawaan na nagbubukas ng mata sa mga tao tungkol sa mga tunay na hamon ng paglaban para sa kalayaan.

1.3 Tema o Paksa

Sa pelikulang “El Presidente”, ipinapakita ang malalim na pagmamahal sa bayan, at ang kahalagahan ng pagkakaisa para sa kalayaan. Tinutukoy nito ang mga hamon na kinaharap ni Emilio Aguinaldo sa kanyang pamumuno, kung saan ang mga personal na interes at tunggalian sa loob ng rebolusyon ay nagiging hadlang sa pagkakamit ng tunay na kalayaan. Makikita ang mensahe ng pelikula sa mga eksena ng mga rebolusyonaryo na nahirapan sa pagpili sa pagitan ng kanilang sariling kapakinabangan at ang kapakanan ng bayan. Itinatampok ang kahalagahan ng pagkakaisa, at ipinapakita na ang tunay na kalayaan ay makakamtan lamang kung bawat isa ay handang magsakripisyo at magtulungan para sa nakararami. Ang pelikula ay isang paalala sa kasaysayan na ang pagiging makabayan at ang pagsasakripisyo para sa bayan ay susi sa pagkakaroon ng isang malaya at matatag na bansa.

1.4 Sinematograpiya

Ang sinematograpiya ng “El Presidente” ay maganda at epektibo sa pagpapakita ng mga mahahalagang eksena ng pelikula. Gumamit ng mga makulay na tono upang ipakita ang tapang at lakas ng mga rebolusyonaryo, pati na rin ang madilim na bahagi ng digmaan at mga pagtataksil. Nakakatulong ang mga epekto ng biswal upang mas maramdaman ng mga manonood ang mga laban at emosyon ng mga tauhan sa bawat eksena. Makikita ang lawak ng digmaan at ang kalikasan na saksi sa mga mahahalagang kaganapan sa pamamagitan ng mga malalawak na kuha. Samantalang ang mga close-up na kuha ay nagpapakita ng mga emosyon ng mga tauhan, na nagpapalalim sa pagkaintindi ng manonood sa kanilang mga karanasan at sakripisyo. Ang mga dinamikong galaw ng kamera ay nagpapakita ng tensyon at mabilis na kilos ng mga tauhan, lalo na sa mga eksenang puno ng aksyon. Sa kabuuan, ang sinematograpiya ng “El Presidente” ay nagbigay ng mas malalim na karanasan sa mga manonood at tumulong upang maiparating nang mas malinaw ang mensahe ng pelikula tungkol sa pagmamahal sa bayan at ang mga pagsubok ng mga rebolusyonaryo.

1.5 Paglalapat ng Tunog o Musika

Ang paglalapat ng tunog o musika sa pelikulang “El Presidente” ay may malaking epekto sa pagpapahayag ng mga emosyon ng mga tauhan at sa pagpapalalim ng bawat eksena. Ang mga tunog ng digmaan, tulad ng mga pagsabog, tunog ng mga baril, at mga

hakbang ng mga sundalo, ay nagdadala ng tensyon at nagbibigay-buhay sa mga eksena ng aksyon. Ang mga tunog na ito ay hindi lamang nagiging bahagi ng pelikula kundi nagsisilbing kasangkapan upang mas maramdaman ng mga manonood ang hirap, sakripisyo, at tapang ng mga tauhan. Samantalang ang musika, na may malalalim na tono o kaya'y mga malumanay na himig, ay nagbibigay ng dagdag na lalim at bigat sa mga emosyonal na tagpo. Ito rin ay nagsisilbing tulay upang maipakita ang mga damdamin ng mga tauhan na hindi kayang ipakita sa pamamagitan ng mga salita. Halimbawa, sa mga eksenang puno ng sakripisyo, ang musika ay nagbibigay ng mas matinding damdamin, na mas lalong nagpapalalim sa mensahe ng kwento. Sa kabuuan, ang paggamit ng tunog at musika sa "El Presidente" ay tumutulong upang gawing mas buhay, makulay, at makatotohanan ang pelikula, at nagiging gabay upang maiparating ang mga emosyon ng mga tauhan sa mga manonood. Ang mga tunog at musika ay may mahalagang papel sa pagpapalakas ng mensahe ng pelikula, na ang tunay na kalayaan at tagumpay ay nagmumula sa pagmamahal sa bayan at sa pagkakaisa ng bawat isa.

1.6 Editing

Ang pelikulang El Presidente ay maganda sapagkat mahusay ang pagkakapresenta ng mga makasaysayang kaganapan at ang mga karakter ay naipakita ng tapat at makulay. Ang pagkaka-edit ng pelikula ay nakatulong upang mas maramdaman ng mga manonood ang bawat emosyon, mula sa mga tagumpay hanggang sa mga sakripisyo ng mga tauhan. Ang paggamit ng mga mabilis na transition at montages ay nagpapakita ng mabilis na paglipas ng panahon at ang mga pagbabago sa buhay ng mga tauhan.Ang paggamit ng mga mabilis na transition at montages ay nagpapakita ng mabilis na paglipas ng panahon at ang mga pagbabago sa buhay ng mga tauhan. Gayundin, ang mga slow-motion shots ay nagbibigay-diin sa mga pinakamahalagang sandali, na nagpalakas sa impact ng pelikula. Sa kabuuan, ang editing, pati na rin ang mahusay na pagkakasunod-sunod ng mga eksena, ay nagbigay daan para maipakita ang mga makulay na bahagi ng kasaysayan ng Pilipinas, na naging dahilan upang mas lalapit ang mga manonood sa kwento ng pelikula.

1.7 Production Design

Ang production design sa pelikulang "El Presidente" ay mahusay sapagkat epektibo nitong nailarawan ang panahon at kalagayan ng bansa noong panahon ng rebolusyon. Ang mga set, props, at costumes ay maingat na pinili upang magbigay ng makatotohanang imahe ng buhay sa panahon ng digmaan at mga makasaysayang kaganapan. Ang mga costumes ng mga tauhan ay tumpak at nagbigay-diin sa kanilang mga papel, mula sa mga bayani hanggang sa mga kaaway, na nagpapakita ng klase at katayuan sa lipunan noong panahong iyon. Ang mga set design, tulad ng mga simpleng tahanan, mga tanggapan, at mga tanawin ng kalikasan, ay mahusay na tumulong upang magbigay ng tamang atmospera at oras. Ang mga detalyadong props tulad ng mga armas, kagamitan, at mga sasakyan ay nagpapakita ng pagiging totoo ng pelikula sa pagpapakita ng mga makasaysayang bagay.Ang mga natural na tanawin at mga eksena sa kabundukan at mga kalsadang puno ng buhay ay nagpapakita ng paggalang sa kasaysayan at kultura ng bansa. Sa kabuuan, ang production design ng " El Presidente" ay hindi lamang tumulong sa pagbuo ng visual na aspeto ng pelikula, kundi nagbigay din

ng mas malalim na koneksyon sa mga manonood sa pamamagitan ng pagpapakita ng tunay na kalagayan at mga pangyayari sa kasaysayan ng Pilipinas.

1.8 Direksyon

Mahusay na nagampana ng direkto, na si Mark Meily. Malinaw na nailahad ang kwento ng buhay ni Emilio Aguinaldo at ang mga mahahalagang pangyayari sa kanyang panahon. Nakatulong ang direksyon niya upang mabigyan ng buhay ang mga karakter, at ang kanilang mga emosyon ay naipakita ng tapat at makulay. Ang bawat eksena ay napili at inorganisa nang maayos upang maipakita ang tamang tempo at tono ng pelikula, mula sa mga eksena ng digmaan hanggang sa mga personal na laban at sakripisyo ng mga tauhan. Ang mga paggalaw ng camera at ang pagkakasunod-sunod ng mga eksena ay tumulong upang ipakita ang koneksyon ng mga karakter at ng mga kaganapan sa paligid nila. Sa pamamagitan ng matalim na pananaw ni Mark Meily, naipakita sa “El Presidente” ang mga complex na karakter at makasaysayang konteksto nang hindi nawawala ang kalidad ng storytelling. Ang mga tauhan ay ipinakita hindi lamang sa kanilang mga papel sa kasaysayan kundi pati na rin sa kanilang mga emosyonal na pinagdadaanan. Epektibo ang pagsasanib ng aksyon at drama, gamit ang mga detalyeng visual upang mapanatili ang kredibilidad at lalim ng kwento.

1.9 Diyalogo

Ang mga diyalogo sa pelikulang El Presidente ay matino at akma sa konteksto ng makasaysayang pangyayari. Ang bawat linya ay may lalim at bigat na tumutugma sa mga karakter at sa setting ng panahon ng Rebolusyong Pilipino. Ang lenggwahe ay pormal at may dignidad, na naaayon sa kalagayan ng mga lider at bayaning Pilipino tulad ni Emilio Aguinaldo. Ang mga diyalogo, lalo na sa mga eksena ng digmaan at politika, ay nagpapakita ng matinding pagmamahal sa bayan at ang mga prinsipyo ng mga tauhan ukol sa kalayaan, pagkakaisa, at sakripisyo. Sa mga eksena ng labanan, ang mga diyalogo ay mabilis at puno ng tensyon, na tumutugma sa aksyon at sitwasyon ng mga tauhan. Sa mga personal na pag-uusap, ang mga linya ay may kalakip na drama at emosyon, na nagpapakita ng mga personal na hamon ng bawat karakter, pati na ang kanilang mga pagdududa, prinsipyo, at mga sakripisyo para sa bayan. Angkop na ginamit ang lenggwahe upang magbigay ng diin sa mga makasaysayang kaganapan at mga paghihirap ng mga karakter, kaya’t mas naging makulay at malalim ang kabuuan ng pelikula.

1.10 Aral ng Pelikula

Ang pangunahing kaisipan o aral ng pelikulang El Presidente ay ang kahalagahan ng pagmamahal sa bayan, sakripisyo, at pagkakaisa sa harap ng mga hamon. Ipinakita ng pelikula kung paano ang mga bayaning tulad ni Emilio Aguinaldo ay nagsakripisyo ng kanilang personal na buhay at kaligayahan upang ipaglaban ang kalayaan ng bansa. Ang pelikula ay nagtuturo ng mga prinsipyo ng katapangan at disiplina, na mahalaga sa pagtataguyod ng isang makatarungan at malayang lipunan. Gayundin, ipinakita nito na ang tunay na kalayaan ay hindi nakukuha ng madalian, kundi nangangailangan ng pagkakaisa at pagtutulungan ng bawat isa. Ang mga makasaysayang kaganapan na

ipinakita sa pelikula ay nagsisilbing paalala na ang ating kalayaan at tagumpay ay bunga ng mga sakripisyo at hindi madaling laban.

2. Anong mga uri ng teoryang pampanitikan ang makikita sa mga piling historikal na pelikula sa Pilipinas?

Teoryang Historikal

Ang El Presidente ay isang makasaysayang pelikula na tumatalakay sa buhay ni Emilio Aguinaldo at ang mga kaganapan sa panahon ng Rebolusyong Pilipino. Ipinapakita ng pelikula ang mga tunay na pangyayari at tauhan na may malaking bahagi sa kasaysayan ng Pilipinas, tulad ng mga labanang isinagawa laban sa mga mananakop.

Teoryang Marxismo

Sa pelikulang ito, makikita ang mga isyu ng kapangyarihan at ang pag-aari ng mga lider at mga ordinaryong mamamayan. Ang mga tunggalian ng mga uri sa lipunan, tulad ng pagitan ng mga lider at mga sundalo, ay binibigyang-diin, na nagpapakita ng mga interes ng bawat isa at kung paano nagkakaroon ng hindi pagkakasundo sa loob ng lipunan.

Teoryang Realismo

Ang pelikula ay nagpapakita ng mga makatotohanang karanasan ng mga tauhan, hindi lamang ang kanilang mga tagumpay kundi pati na rin ang kanilang mga kahinaan at pagkakamali. Pinapakita dito ang masalimuot na buhay ng mga bayani at ang mga personal nilang pagsubok sa paglaban para sa kalayaan.

Teoryang Sosyolohikal

Ito ay tumatalakay sa epekto ng mga kaganapan sa lipunan at kung paano ito nakakaapekto sa mga individual. Makikita sa pelikula ang mga epekto ng mga digmaan at ang mga pagbabago sa mga pananaw ng mga tauhan tungkol sa bayan at kalayaan.

Teoryang Istrukturalismo

Ang pelikula ay nagpapakita ng masalimuot na ugnayan ng mga tauhan at kaganapan, kung saan bawat aksyon at desisyon ay konektado sa mas malaking estruktura ng lipunan at politika. Ang mga relasyon sa pagitan ng mga karakter ay nagpapaalala ng isang sistema ng kapangyarihan at mga ideolohiya na patuloy na nakakaapekto sa kanilang mga desisyon.

Teoryang Bayograpikal

Nakatuon ang pelikula sa buhay ni Emilio Aguinaldo, isang tunay na tao, maaari itong suriin gamit ang teoryang bayograpikal. Ipinapakita ng pelikula ang mga personal na laban, prinsipyo, at sakripisyo ni Aguinaldo para sa bayan, pati na rin ang mga hamon na hinarap niya sa kanyang buhay.

Teoryang Dekonstruksyon

Sa El Presidente, makikita ang dekonstruksyon ng mga ideyal na may kinalaman sa kalayaan at pagkakaisa, lalo na sa mga eksena ng tunggalian sa loob ng mga pwersa ng Pilipino. Binibigyang pansin ng pelikula kung paano ang mga ideya ng bayan at pagkakaisa ay nagiging komplikado dahil sa mga internal na hidwaan at pagtataksil.

Teoryang Feminismo

Bagamat hindi ito ang pangunahing tema ng pelikula, ang mga babae sa El Presidente ay maaaring suriin sa perspektibong feministang teorya, na nagpapakita ng kanilang papel sa patriarkal na lipunan ng panahon at kung paano sila nakikibaka para sa kanilang mga karapatan at papel sa kasaysayan.

Teoryang Siko-analitiko

Sa pelikulang ito ay  maaari ring gamitin ang teoryang siko-analitiko upang suriin ang mga emosyonal na reaksyon ni Emilio Aguinaldo at ng ibang tauhan. Ang kanilang galit, takot, at mga motibong nauugnay sa kanilang pagdedesisyon at pakikisalamuha sa isa't isa ay maaaring maipaliwanag gamit ang teoryang ito.

Teoryang Humanismo

Ang pelikula ay nagpapakita ng mga tema ng tapang, sakripisyo, at ang paghahanap ng kahulugan sa buhay, lalo na sa buhay ni Emilio Aguinaldo. Ang kanyang pakikibaka para sa kalayaan at ang kanyang mga prinsipyo ay tumutok sa humanistang pananaw na nagbibigay halaga sa dignidad ng tao at sa kabutihang panlahat.

3. Ano ang implikasyon ng mga piling historikal na pelikula sa kasalukuyang pananaw ng mga manonood tungkol sa kasaysayan?

Ang mga piling historikal na pelikula, tulad ng El Presidente, ay may malalim na implikasyon sa pananaw ng mga manonood tungkol sa kasaysayan. Ang pelikulang ito ay nagbibigay ng bagong perspektibo at mas malalim na pagkaunawa sa mga kaganapan sa kasaysayan ng Pilipinas, tulad ng buhay ni Emilio Aguinaldo at ang mga pagsubok na hinarap ng mga lider sa panahon ng Rebolusyong Pilipino. Hindi lamang ipinapakita ng pelikula ang mga pangyayari, kundi pati na rin ang mga damdamin, saloobin, at sakripisyo ng mga tauhan sa kasaysayan.Ang visual na estilo at dramatikong pagganap ay nakakatulong sa mas madaling pag-unawa ng mga manonood, lalo na ang mga kabataan, sa mga mahahalagang kaganapan sa ating kasaysayan na maaaring mahirap intindihin sa mga aklat. Sa pamamagitan ng pelikula, ang kasaysayan ay nagiging mas buhay at mas makikita ng mga manonood ang mga tanong at hamon na kaugnay nito.Halimbawa, sa El Presidente, ipinakita ang mga suliranin ng mga lider at ang mga komplikadong desisyon na ginawa ni Aguinaldo, na nag-uudyok sa mga manonood na mag-isip nang kritikal tungkol sa mga nangyari sa nakaraan at kung paano ito nakakaapekto sa kasalukuyan. Ang pelikula ay nagiging inspirasyon at nagpapaalala sa mga sakripisyo at katapangan ng mga bayani, at nagpapaigting ng kamalayan tungkol sa kahalagahan ng pagkakaisa para sa kalayaan ng bansa.

## Conclusions

Ang mga piling pelikulang historikal ay matagumpay na naghatid ng makasaysayang impormasyon sa pamamagitan ng sinematograpiya at malikhaing interpretasyon, na nagbibigay-diin sa mga aral mula sa nakaraan. Ang paggamit ng mga teoryang pampanitikan ay nagpayaman sa pagsusuri ng mga pelikula, na nagbigay-linaw sa mga tema ng kabayanihan, sakripisyo, at tunggalian sa lipunan. Ang mga pelikula ay epektibong nagsilbing daluyan ng kritikal na pag-iisip, pagpapalawak ng kamalayan, at pagbuo ng pambansang identidad.

Naipakita ng pelikula ang masalimuot na tunggalian ng ideolohiya, politika, at personal na interes na naging hadlang sa pagkakaisa ng bansa noong panahon ng digmaan. Ang malikhaing interpretasyon ng kasaysayan sa pelikula ay naging makabuluhang tulay upang maipakilala ang mga bayani ng bansa sa mas batang henerasyon. Ang mga pelikulang historikal ay mahalagang kasangkapan sa pagtuturo ng kasaysayan, na nagbibigay buhay sa mga mahahalagang kaganapan sa pamamagitan ng dramatikong pagsasadula at malikhaing naratibo.

## Recommendations

Gamitin ang mga pelikulang historikal bilang pandagdag sa tradisyonal na paraan ng pagtuturo ng kasaysayan upang gawing mas makulay at makahulugan ang talakayan. Patuloy na lumikha ng dekalidad na pelikulang historikal na naglalaman ng makatotohanang representasyon ng kasaysayan at kultura ng bansa. Isama ang pagsusuri ng pelikulang historikal sa kurikulum upang mahikayat ang pag-iisip ng mga estudyante at pagpapahalaga sa kasaysayan.Hikayatin ang masusing pagsusuri sa mga pelikula upang mas maunawaan ang mga ideya at mensahe nito sa kasaysayan at kasalukuyan.  Gayudin ay palawakin pa ang pag-aaral ng pelikulang historikal, tulad ng impluwensiya nito sa modernong kultura at kaugnayan sa pandaigdigang naratibo ng kasaysayan

## Compliance with Ethical Standards

Ang pananaliksik na ito ay isinagawa nang may integridad at pagsunod sa mga pamantayang etikal. Ang lahat ng impormasyong ginamit ay kinilala nang maayos at walang ginawang manipulasyon sa datos.

## Acknowledgements

Taos-pusong nagpapasalamat ang mananaliksik sa Poong Maykapal sa patnubay at lakas na ibinigay. Gayundin, nagpapasalamat ang  mananaliksik sa kaniyang pamilya at kaibigan na nagbigay ng suporta sa buong proseso ng pananaliksik.

## REFERENCES

Alidon, M. L. (n.d.). Film review: Activity 3. Retrieved from https://d1wqtxts1xzle7.cloudfront.net/98200438/Activity_3_Film_Review_Alidon-libre.pdf

Aringan, A., & Napil, M. (n.d.). Sulyap at sipat: Paggalugad ng mga karanasan sa pagtuturo ng panitikan sa panahon ng pandemya. ResearchGate. https://www.researchgate.net/publication/371449673

Bagon-Faeldan, A. (2010). Ang sining ng sinematograpiya sa pelikula. Scribd. https://www.scribd.com/doc/45357461

Benitez, C. (n.d.). Tungo sa posibilidad ng apokalipsis: Pelikula at kritisismo, palabas at panloob. Retrieved from https://d1wqtxts1xzle7.cloudfront.net/79204232

Carrillo, J. (n.d.). Heneral Luna (2015) at Sakay (1993). Retrieved from https://d1wqtxts1xzle7.cloudfront.net/98102150

Cristina. (2023). Mga aralin sa panitikang Pilipino. Scribd. https://www.scribd.com/document/444698020

De Jesus, M. C. P. (2020). Literasiyang pampelikula sa K–12: Pagsusuri sa papel ng pelikula sa kurikulum ng Filipino sa batayang antas ng edukasyon. ResearchGate. https://www.researchgate.net/publication/346013230

Gamblerz, V. (2020). Ano ang panitikan. Scribd. https://www.scribd.com/document/444698020

Heneral Luna – Film review. (n.d.). Film review: Heneral Luna at Makario Sakay. Retrieved from https://d1wqtxts1xzle7.cloudfront.net/75950262

Malabuyoc, J. (2019). Pagsusuri ng mga akdang pampanitikan: Maikling kwento, dula, nobela, pelikula, at sanaysay. Scribd. https://www.scribd.com/document/581826165

Mercado, L. (2017). Pelikulang historikal. Scribd. https://www.scribd.com/presentation/346517798

Naval, J. (n.d.). Ang impluwensiyang Rizal sa ilang piling anyo ng panitikan at pelikula sa pagdaan ng panahon. Daluyan: Journal ng Wikang Filipino

QuestionPro. (n.d.). Descriptive analysis: Definition, types, examples, and benefits. https://www.questionpro.com/blog/descriptive-analysis

Quintos, J. J. F. (2020). Sa pagitan ng kultura at kalikasan: Isang pagsisiyasat sa talinghaga ng “engkanto” sa mga pelikula ng Shake, Rattle, and Roll. EBSCO.

Santos, T. (2008). Pakikibaka sa makabayang panitikan. The Varsitarian. https://varsitarian.net/filipino/20081117

Salazar, Z. (n.d.). Tripartite view of Philippine history. Retrieved from https://bangkanixiao.wordpress.com

Scribbr. (n.d.). Thematic analysis: Explanation & examples. https://www.scribbr.com/methodology/thematic-analysis

Tolentino, R. B. (n.d.). Pedagohiya ng panitikan at mga bagong anyo ng midya. Retrieved from https://d1wqtxts1xzle7.cloudfront.net/90674070

University of the Philippines Los Baños. (n.d.). Pagtangkilik ng pelikula at epekto nito. UPLB Journal Articles. https://www.ukdr.uplb.edu.ph/journal-articles/3924
Zuberg, A. (2019). Kahulugan ng pelikula. Scribd. https://www.scribd.com/document/434423617

**APA Citation:**

Politico, J. F. (2026). SINE-SURI SA MGA PILING HISTORIKAL NA PELIKULA SA PILIPINAS. Ignatian International Journal for Multidisciplinary Research, 4(5), 104–128. https://doi.org/10.5281/zenodo.19977813

*joanpolitico06@gmail.com*